

BE COVIDSAFE ✓

Mga Bakuna Laban sa COVID-19: Maling Paniniwala vs. Katotohanan

May ilang mga pagpapahayag na kumakalat hinggil sa mga bakuna laban sa COVID-19. Ang mga impormasyon sa ibaba ay ilan sa mga naririnig na maling paniniwala, na wala sa anumang partikular na ayos.

MALING PANINIWALA SA BAKUNA

KATOTOHANAN SA BAKUNA



MALING PANINIWALA:
Posibleng makaapekto ang bakuna laban sa COVID-19 sa fertility ng mga kababaihan.

KATOTOHANAN: Hindi maaapektuhan ng bakuna laban sa COVID-19 ang fertility.

Hinihikayat ng bakuna laban sa COVID-19 ang immune system ng katawan na labanan ang virus sa pamamagitan ng partikular na pagpunitrya sa mga protina na nasa surface ng coronavirus. Ang protina na ito ay hindi katulad ng protina na nauugnay sa pagbubuntis. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng sakit na COVID-19 ay puwedeng malubhang makaapekto sa pagbubuntis at pangkalahatang kalusugan, kasama ang mga kumplikasyon sa baga o ang pangangailangan para sa suporta sa bentilasyon.



MALING PANINIWALA:
Magkakaroon ako ng myocarditis o pericarditis dahil sa bakuna laban sa COVID-19.

KATOTOHANAN: Milyon-milyong dosis na ng bakuna laban sa COVID-19 ang naibigay, at talagang mababa ang panganib ng pagkakaroon ng pamamaga ng puso.

Mababa ang posibilidad ng pagkakaroon ng pamamaga ng puso (hal., myocarditis o pericarditis) pagkatapos makatanggap ng bakuna laban sa COVID-19 (< .0001%). Milyon-milyong kaso ng myocarditis ang nada-diagnose kada taon at hindi nauugnay ang mga ito sa COVID-19.



MALING PANINIWALA:
Hindi sulit ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 dahil posible ka pa ring magkaroon ng COVID-19.

KATOTOHANAN: Benepisyal pa rin ang Bakuna Laban sa COVID-19

Nagbibigay ang pagbabakuna ng malakas na boost sa pagprotekta at pagbabawas ng karamdaman dahil sa sakit na COVID-19. Ang pagkakaroon ng impeksyon dahil sa COVID-19 ay posibleng humantong sa iba pang karamdaman gaya ng multisystem inflammatory syndrome sa mga nasa hustong gulang o bata (MIS-A o MIS-C), o mga neurologic na sintomas at cognitive disfunction sa mga long hauler. * Mababawasan ng pagpapabakuna ang posibilidad ng pagkakaroon ng mga karamdamang ito.



MALING PANINIWALA:
Huli na para makuha ang pangalawang dosis ng bakuna laban sa COVID-19.

KATOTOHANAN: Hindi pa huli para magpapabakuna!

Hindi pa huli! Dapat mong kunin ang iyong pangalawang bakuna nang malapit sa inirerekomendang 3 linggo o 4 na linggong pagitan, hangga't maaari. Inirerekomenda ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) na maibigay ang iyong pangalawang dosis nang hanggang sa 6 na linggo (42 araw) pagkatapos ng iyong unang dosis. Gayunpaman, kung matatanggap mo ang iyong pangalawang bakuna laban sa COVID-19 nang mas maaga o nang lampas sa inirerekomenda, hindi mo kailangang magsimula ng bagong serye ng bakuna.



MALING PANINIWALA:
Hindi tatalab ang bakuna laban sa COVID-19 sa mga COVID-19 variant.

KATOTOHANAN: Epektibo pa rin ang mga bakuna laban sa COVID-19 laban sa mga variant ng COVID-19, kasama ang Delta at Omicron variant.

Ayon sa mga datos, ang mga bakuna laban sa COVID-19 na awtorisadong gamitin ay nagbibigay ng proteksyon laban sa mga variant na kumakalat sa United States. Inirerekomenda ang isang booster na dosis para palakasin ulit ang proteksyon. Ang karagdagang proteksyong ito ay epektibo laban sa mga bagong Variant of Concern, lalo na sa malubhang COVID-19, kasama ang pagkamatay o pagpapaospital.

*Ang mga Long Hauler ay ang mga nakakaranas ng tuloy-tuloy na problemang pangkalusugan apat o higit pang linggo pagkatapos ng unang pagkakaimpeksyon sa virus na nagdudulot ng COVID-19.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, pakibisita ang:

coronavirus-sd.com/vaccine



Mga Bakuna Laban sa COVID-19: Maling Paniniwala vs. Katotohanan

May ilang mga pagpapahayag na kumakalat hinggil sa mga bakuna laban sa COVID-19. Ang mga impormasyon sa ibaba ay ilan sa mga naririnig na maling paniniwala, na wala sa anumang partikular na ayos.

MALING PANINIWALA SA BAKUNA

KATOTOHANAN SA BAKUNA



MALING PANINIWALA:
Hindi ko kailangan ng booster na dosis pagkatapos matanggap ang aking pangunahing serye para sa pagpapabakuna laban sa COVID-19.

KATOTOHANAN: Inirerekomenda ang booster na dosis laban sa COVID-19 pagkatapos makumpleto ang pangunahing serye ng pagpapabakuna.

Patuloy na nagbibigay ang lahat ng bakuna laban sa COVID-19 ng mahusay na proteksyon laban sa malubhang karamdaman, pagpapaospital, at pagkamatay. Gayunpaman, sa paglipas ng panahon, puwedeng humina ang proteksyon. **Ang mga booster na dosis laban sa COVID-19** ay tumutulong na mapanatiling malakas ang immunity at pinapahusay nito ang proteksyon laban sa COVID-19.



MALING PANINIWALA:
Masyadong mapanganib ang mga hindi nalalaman na pangmatagalang epekto ng bakuna laban sa COVID-19.

KATOTOHANAN: Kumpiyansa ang mga eksperto sa pangmatagalang kaligtasan ng bakuna laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng ilang dekadang pananaliksik at pagsasanay.

Ilang taon nang napag-aralan at nagamit sa ibang treatment, nang walang isyu, ang mga teknolohiya ng bakuna laban sa COVID-19. Napag-aralan na ang mga mRNA na bakuna para sa Influenza at Rabies, habang ang mga adenovector na bakuna ay benepisyal simula noong 1970s para labanan ang mga sakit, gaya ng Ebola at Zika. Kahit ngayon, patuloy na sinusubaybayan para sa kaligtasan ang bakuna laban sa COVID-19.



MALING PANINIWALA:
Wala akong pera para magbayad para sa bakuna laban sa COVID-19.

KATOTOHANAN: Ipinapamahagi nang libre ng mga estado at lokal na komunidad ang mga bakuna laban sa COVID-19 na awtorisado ng FDA.

Ang mga 5 taong gulang pataas ay puwedeng makatanggap ng bakuna nang libre. **Available din ang mga booster na dosis** para sa sinumang 12 taong gulang (Pfizer lang) pataas. Hindi mo kailangan ng appointment, pero available ito. Hindi mo kailangang magbayad ng anumang gastusin mula sa sariling bulsa para makakuha ng awtorisadong bakuna laban sa COVID-19—hindi bago, sa oras, o pagkatapos ng iyong appointment.



MALING PANINIWALA:
Kung maraming iba pang tao ang magpapabakuna, hindi ko na ito kakailanganin.

KATOTOHANAN: Ang lahat ng puwedeng makakuha ng bakuna laban sa COVID-19 ay dapat magpapabakuna para maprotektahan ka at ang iyong komunidad.

Ang mga taong immunocompromised o may hindi gumagaling na medikal na kondisyon ay posibleng hindi magkaroon ng oportunidad na mabakunahan dahil sa kanilang mahinang immune system. Napakataas din ng panganib ng pagkamatay dahil sa COVID-19 para sa mga populasyong ito. Hindi lang sarili mo ang matutulungan mo sa pagpapabakuna laban sa COVID-19, pero ang ibang tao rin sa iyong komunidad.



MALING PANINIWALA:
Nagkaroon na ako ng COVID-19, kaya hindi ko kailangan ang bakuna.

KATOTOHANAN: Ang mga taong nagkasakit ng COVID-19 ay may proteksyon pa rin dahil sa pagpapabakuna.

Nagbibigay pa rin ng proteksyon ang mga bakuna laban sa COVID-19 sa mga taong nagkasakit ng COVID-19. Kung nagkasakit ka ng COVID-19, bago magpapabakuna ay dapat kang **maghintay muna na gumaling mula sa karamdaman** at matugunan ang **mga pamantayan** na hindi mo na kailangang mag-isolate. Ang muling pagkakaroon ng impeksyon ay posible at ang pagpapabakuna ang isa sa mga pinakamahusay na paraan para protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang iyong komunidad.

*Ang mga Long Hauler ay ang mga nakakaranas ng tuloy-tuloy na problemang pangkalusugan **apat o higit pang linggo** pagkatapos ng unang pagkakaimpeksyon sa virus na nagdudulot ng COVID-19.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, pakibisita ang:

coronavirus-sd.com/vaccine

